

I TAON.

BILANG 12

"Alza tu tersa trente

Juventud filipina"....! RIZAL.

BANGON...



Pahayagang tagapamatnugot

NC

KALIPUNAN NG MGA KAPISANAN SA RIZAL

Hinalathala tuwing kalahatia t katapusan ng bawa t buwan

* * Pasig, Rizal, ika 31 ng Julio ng 1909. *

MGA LINALAMAN.

1. Pagtatayô ng sariling Bayan.—2. Mapanganib na kalagayan, *ni Gat-Sinukuan*.—3. Mga Talà sa Rizal, *ni Fig. K. Franco*.—4. El medio ambiente, *ni Baturro*.—5. Ang "Dakilang Mithî," *ni Anando Libeloso*.—6. Bayani sa Bayan, (tulâ) *ni S. R. San*.—7. La cultura científica, *ni M. Bert*.—8. Ang Pag-ibig, *ni 10 or less*.—9. Kilos ng mga Kapisanan sa Rizal; Palatuturanan ng KALIPUNAN.—10. Iikaw ba'y magkuro?!, (tulâ) *ni Paroparóng Bata*.—11. La Esperanza, *ni Ordnael de Nosbaj*.—12. Bukás na Libam, *ni Pacifico Dirring-Tubig*.—13. Nagtataká akó!, (tulâ) *ni Charing*.—14. Pangarap ng Makatâ, (karugtóng) akdâ *ni Talibago*.—15. Hierática, (tulâng kastilâ) *ni Paris*.—16. Tungkol sa Pagawaan ng Sardinas, *ni Miguel Antonio*.—17. Ika 30 ng Hulyo, (tulâ) *ni Pinaoh*.—18. Paalaala at Mungkahî, *ni Isang Hamok*.—19. Mga bató ng sili, *ni Tio Juan*.

CLINICA Y CONSULTORIO

DEL

Dr. Sixto de los Angeles

MÉDICO Y CIRUJANO

Calle Quiotan, No. 101, Sta. Cruz, Manila, I. F.

Teléfono No. 1455.

Medicina y Cirugía general. Sala especial de enfermedades de las mujeres. Análisis y exámenes (microscópicos),
Electroterapia, Masaje, etc.

HORAS DE CONSULTA: { De 7 á 10 de la mañana } MENOS LOS DOMINGOS . . .
 { De 2 á 5 de la tarde. }

PRECIOS:

ESTANCIA EN LA CLÍNICA

Con derecho á habitación, alimento, cuidado, medicinas ordinarias y asistencia médica y quirúrgica, excepto las operaciones, por dia. P 7'00
Ocupando cuarto solo, por dia. , 10'00

Acompañandose de otra persona, en calidad de enfermera especial, por alimento y acomodación de dormir, un pago adicional, por dia P 1'00

SIN ESTANCIA EN LA CLÍNICA

Consultas ordinarias, 1.a consulta P 2'00
Las siguientes, por cada vez 1'00
Inyecciones hipodérmicas, incluyendomedicamentos y según clase, cada vez de P 2'00 á 5'00

Electroterapia y masaje local P 4'00
general 8'00
Asistencia quirúrgica, casos menores y según su importancia, de P 3'00 á 8'00

Servicios especiales, dentro y fuera de la Clínica

Servicios del laboratorio, exámenes ordinarios de P 1'00 á 4'00
Consultas por correo, enviando el plan 5'00

Operaciones y asistencia á partos, á precios según convenio.
Arreglos especiales para la admisión de niños.

NOTAS: Las cuentas son pagaderas, al contado; y por la estancia en la clínica, de siete en siete días por adelantado.

- No se admite la estancia en la clínica de los que padecen de enfermedades contagiosas e infecciosas.

PICKETT HARNESS Co.

BELTS

Sandaang hitsura ng māga sinturón alinsunod sa moda.

Māga monturang ingglés at amerikano, maiinam at mura.

Māga polainas, kabán at māga sisidlán.

Māga guarnisyong iba't ibang clase.

Siyang pinakamalaking tindahan ng māga bagay na ito
dito sa Kasílanğanan.

MISSING PAGE/PAGES

M̄ga Talà sa Rizal

ESPERANZA VILLONGCO.

“Esperanza”: iyan ang pan̄galang n̄gayo'y pag-uukulan n̄g boong kaya n̄g pulpol kong panulat. Pan̄galang matáy ko mang dilidilihin ay kung bakit nagpapakahulugán sa akin n̄g: Pag-asá, Ligaya't Lwalhati.

Siya ang talàng mulâ sa Tinajeros (Malabón), ay pumupukaw sa lalóng nahihibing na dámdamin. At sino n̄ga namang may pusóng bakal man ang ditatablán n̄g tudlâ ni Pág-ibig? Sinong may banál' man ó pihikang dámdamin ang sa kanyang haráp ay di mangán̄ayupapà at di iirog kahi't sa gunitâ man lamang?... Lubhâ pa n̄gâ kung mamamalás ang kanyang aliwalas na noó, na nagpapahiwatig n̄g iniingatang katalimúhan; mapungay na matáng kung ititig ay makabibihag n̄g libo-libong pusô at nagkakahulogan n̄g malalalim na hiwagâ; ilóng na di naman pipis at di naman katan̄usang sukat mong pagkámalang sa taga ibang lupà; bibig na wari'y sadyang ginawâ n̄g isang bihasang “escultor,” at sa kabuóan n̄g m̄ga ganitong kariktán ay isang mukhang pinillas sa kabilugan n̄g buan, na mistulang talà, na ninikat sa pagbubukang liwayway, na di kabakasan n̄g kulay-lungkót.

Huag nang isanib pa dito ang kanyang timbang at balangkinitang katawan, malantik na baywang at kulay kayumanging nagpapakilala n̄g pagka-lahing Taga-dito. Oh! kung sa ganyang dilág ay idagdág ko pang itálâ sa pitak na ito ang kanyang kaayáya't Nakaaáliw na tinig, gayon din naman ang matimyás at nakawiwing ugali, ay sinun̄galing ang kabanal-banalang itinatangi n̄g pananampalataya, kung di siya magkasalang lumuhog sa haráp n̄g gayong kahan̄ga-han̄gang dilág, na pinangán̄garáp n̄g m̄ga makatâ.

Anzang: maala-alà mo nawáng sa ilalim n̄g ganyang kapuripuri't karangál-dan̄gálan mong kalagayang sagisag n̄g aking lahi, sa himpapawid n̄g busilak mong gandá ay may isang pusong nalilibing sa lusak n̄g pagtitiis, pusong sabik na sabik sa pagdating n̄g panahóng ipagiging mapalad sa iyong piling: walang iba n̄gâ kundi yaong sa iyo'y nan̄gágarap at naglilihim n̄g mahabang panahón n̄g isáng tunay at wagás na pag-galang.

FLO. K. FRANCO.

El medio ambiente

Entre las diversas calamidades sociales que nos abruman, lector querido, no existe, á mi juicio, ninguna que abrume tanto á nuestro pueblo como el indiferentismo que demuestra tener en todo aquello que pueda redundar en la mayoría de los casos en su propio provecho. Nobleza obliga confesar con toda franqueza, que mal tan grave nos trae de dia en dia á la mayor postración y decadencia, si no ponemos los medios para corregirlo.

Ante semejante modo de ser, y antes de proseguir adelante, ocurre formular la siguiente interrogación: ¿cuales son las causas que contribuyen á ese modo de ser de los pueblos? Eminentess sociólogos explican ese fenómeno de la raza, por el desgaste, digámoslo así, fisiológico de energías, por el apagamiento de la vida que va consumiendo todos los entusiasmos, por una vida plagada de miserias y sinsabores, y quizás también, por llevar una larga vida de sumisión y vasallaje á pueblos de distinta raza y distinto hemisferio.

Estas últimas causas parecen ser las principales determinantes del mal que nos aqueja, pero con ser importantes, no son las únicas. Hay otras más poderosas que nos aniquilan, como los juegos, el egoísmo, la envidia, el caciquismo en sus diferentes formas y aspectos, la falta de amor social, y

lo que es aún muchísimo peor, la carencia de patriotismo

A un pueblo de estas condiciones, le importa un comino que le hablen y aconsejen, todo le tiene sin cuidado, y la despreocupación más completa ha de demostrar siempre en todo aquello que redunde algún provecho á la comunidad. El vergonzoso “allá me las den todas” y el yo ante todo y sobre todo, impera en su corrompida conciencia por modo más detestable, sin que al parecer se encuentre medio humano á evitarlo.

A todas estas concáusas podemos atribuir sin temor de equivocarnos, la ineficacia en la mayoría de los casos de nuestras leyes, los frecuentes fracasos de los gobernantes y el poco ó ningún fruto que produce toda labor que desde arriba se encamina al bien general. Todo permanece en la inercia por falta de ambición colectiva, y sobra de desconfianza mutua.

Las cuestiones más trascendentales para la vida nacional, se posponen ó abandonan por cuestiones de interés personal ó de partido. Repetidas veces se ha comprobado este fenómeno, ante la perspectiva de proyectos importantes que ofrecían quizás un halagüeño porvenir para la comunidad; pero el egoísmo y la codicia de algunos individuos, que se creían superiores ó más talentosos que sus mismos iniciadores, acabaron por echarlos todos á perder.

Este és, triste es decirlo, nuestro particular modo de ser, y el medio ambiente en que nos desemvolvemos; dígasenos ahora sí por ese camino iremos á alguna parte. Me inclino á creer que no, y presiento que mientras esos defectos fisiológicos no desaparezcan de nuestro pueblo, con ó sin nuestros actuales dominadores, no conseguiremos nada provechoso. Urge, por tanto, que todo ese personalismo mal entendido desaparezca, si deseamos sinceramente conseguir el logro de nuestra eterna aspiración y el mejoramiento en todas sus fases de esta desventurada tierra filipina.

BATURRO.

Julio, 1909

BAHAGI NG ISANG AKLAT

Ang “Dakilang Mithi”

Utang sa síkap ni Gerardo at ng iláng kabinatá niyá, sa di kawasa'y nátatag sa Libis ang isáng kapisánan na pinamagatáng “Dakilang Mithi.”

Kagáya ng lahat ng mäga samaháng pilipino, ang “Dakilang Mithi” ay ulirán sa gílas at siglá noóng kanyäng mga únang buwán.

Noóng mga únang buwán, ang kapisanan ay makálawá sanglinggó kung magpúlong, at ang bilang ng mäga nagsisidaló sa mäga púlong na itó ay di lumiliit sa tatlongpù.

Noóng mga únang buwán, ang mäga talumpati, pagtatálo at ang mäga bálik na inihaharáp tuwíng magpupílong ay punông-punô ng mahahalágang láyon at madláng kaparaánang magagámit upang lalong mapalúsog at mapadakilà ang kapisanán. Náriyan ang pagtatayô ng isáng aklátán (biblioteca); náriyan ang pagbubukás ng isáng paarálán sa gabí, na walâng úpa; náriyan ang pagpatalabás ng isáng pahayagang linggúhan; náriyan ang pagdadalós ng mäga papúlong; náriyan ang mäga sárl-sáring campáña lában sa bisyo—laban sa sugál at sábong—laban sa mäga mahahálay at di wastóng kaugalían, hílig, atb; at náriyan ang kung kung anó-anó pang matatáyog na panukalà.

Ang lahat ng kasiglaháng itó na napagmálas sa loób ng “Dakilang Mithi,” noóng mga únang buwán ay lubhang ikinalíw ng mäga nagsisagtag sa kapisánang iyón. Naákit siláng umasám-asám sa isáng maligáyang búkas at napanibúlos silá sa pag-ásang madalí ó maláon ay málalasáp nilá ang masasagánang búñga ng kaniáng mäga pinuhúuang págod.

Dapwá’t iay! Katulad ng isáng kimpal na kugon, na pagsinilabán ay minsán sikláb lang at walâ ná, ang kapisánang iyón ng mäga naturing pag-ásá ni Rizal (*pa naman!*), pagkaraán ng mäga únang buwán, pagkatápos na makapagdáos ng iláng sayáwang malalakí, nang isasagawâ na ang mäga panukálang binalangkás ng boóng sípag at talíno,—ang kapisánang iyón ay bigláng dinatalán sa nóo ng karumal-dúmal na kamandág ng panglalamíg, pagkahapò

at pagwawalâng bahalà ng hálós lahat ng mäga kaánib.

Sinimulán ná ang isang búhay kapisánang kukutápkutáp, kagáya ng isang flaw na nauubusan ng langís.

Anó mang pagsusumákit ang kalasagin ng pangúlo at kalihim, ang bahay-kapisánan ay láging áalög-alög tuwíng tatáwag ng púlong. Lahát ay nanğangákong dádaló, dápwa’t pag-sápit ng óras ay pálad na pálad ná kung sumipót ang sampû.

—“Anó ang dápat gawin úpang maipon ang mäga iyán?”—Itó ang pabuntóng-hininggáng ta-nóng ng pangúlo ng kapisánan.

—“Upang maipon?”—ang sambót ni Gerardo na kanyáng kaharáp, ---“kung úpang maipon lang ay may isang paráang madalí. Búkas, pistá din lang ay ikálat nátilang balítâ na sa kinágbihán ay magkákaroón sa inyó ng isang makáking sayáwang handóg sa samahán. Anyayáhan ang mäga kinalilituhan diyang binibini, ang lahat ng mäga makikísig sumayáw, at maniwala ka, katóto, na mamúmunó ang iyóng búhay... Pag handoón ng lahat, ay paalisin ang orkésta at simulán ang púlong.”

At ganító nága ang kaniláng ginawâ.

* *

Madilímdilim pa kábakásan, ay sumabog na sa himpapawíd ang balítâ na sa ika 7 oras ng gabí ay magdadáos sa búhay nina Pepe ng isang *maringal* at *mahirang* sayáwan na handóg ng pangúlo sa *masisipig* na mäga giúo at binibilińing bumububo sa “Dakilang Mithi.”

Hindi nagkabulâ ang hulâ ni Gerardo. Orasyón pa lang ay pulúpulutóng na ang mäga panáuhing nagsisiratíng. Ika 7 óras na ganáp ay natitípon doón ang ápatnapú sa limángpúng kaánib sa “Dakilang Mithi.”

Lahát ay galák na galák lublâ na ang mäga binatâ. Walang labí na di nakangítî, walang matáng di nagnininguing, walâng kílos na mabágal. At sino ngâ naimán ang di magágalák, aling pusô ang di lálakasán ng tibók, kaninong damdámin ang di mapupúkaw sa lílim ng mapanghalina’t malalagkit na titig, at sa halik ng bangóng núnukal sa mäga sutláng talúlot ng mäga gayóng “bulaklák ng búhay” na doo’y naliligó sa mahinhing liwanag ng mäga “Reina de las luces”? At sinong mahiligin sa sayáwan ang makukuhang magtulug-tulugan, kaninong mäga paá ang mapapakalí sa gayong idinulás-dulás ng sahíg na binudburán ng pirápirásong *ballena*, sa inihabá-haba’t inaluwang-lúwang ng pagsásayawáng *salas*, sa anyáya ng malalambíng na tugtúging handóg ng orkésta?

* *

Iká 7:15 na ng gabí, nüni’t ang sayáwan ay di pa pinasisimulán. Hálós lahat ay iníp na iníp na. Dárgan lang at sila’y nadadaig ng hiyâ, marami na sanâ ang nagúumikit noón sandaling iyón, káhi’t na walâng anyáya ó pahintúlot ng may búhay.

Samantaláng naghinhintáy ay makinig táyo sa mäga salí-salitáan.

Sa isáng súlok n̄g *salas*, ay pinagkákali-pumpunán n̄g m̄ga lalaki ang isáng malápad na papel na nakapakò sa dinding at kinatititikan n̄g salítâng *programa*. Sa ibabâ nitó ay ipinaálami na ang sayáwan ay bubuoín n̄g labing-ánim na *Wultz*, labingdalawáng *two-steps*, at dalawáng *rigodon*.

—“Ano’t may rigodon pa?”---ang payamót na tanóng n̄g isáng naka-lána sa kanyáng kálapit---“*Que torpe!* Anóng mahihitâ sa rigodon? ---Walâ kundi... kamáy. Mapapágod ka n̄g walâng... saysáy. Nakaaaksayá n̄g panahón! Kalukúhan sa ákin iyán!”

---“Masamâ namán ang walâng rigodon, kato-to”---ang sagót n̄g isáng naka-térnong itím. ---“Paáno namam si Choy?”

---“*Que Choy ni que báchoy!*”---ang ángil n̄g naka-lána, at hinagisan n̄g dalawang ingos ang isang naka-kakeng kulót ang buhók na sa pagka’t lubhang mahiluhín ay walâng inátabúngan sa alín mang sayawan kundi ang pasimulâng-tugtôg n̄g m̄ga rigodon. Itó ang si Choy na noo’y kasalukúyang nagpapantóng ang m̄ga tayn̄ga, sapagka’t malayâlayô man siya’y kan yang naulinisgân ang salitaan n̄g dalawa. Ma-nunganínganíng sugurin ang naka-lána at sikan-úngan ang walâng pitagang bunyângâ nitó. At kamuntî na n̄gáng manugod noon ang ating si Choy, kundi niya naala-alang gagawâ siya n̄g malakíng kahiyâhiyâ, at kundi niya natuanan ang isang malambíng na titig ni Mameng. ---titig na wari’y inahihimok sa kanya ang, “*Pucencia, Choy ko!*”...

---“Pero demonyo!”---ang mulîng putók n̄g naka-lána---“Anó ang hinihintây nitóng si Pepe?... Bakit áyaw pang simulán ang sayawan, diante?... Co---! naghîhintay ang m̄ga visita, ---pu---!”

---“Huwág kang mainip, katóto”---anáng naka-itím---“huwág kang mainip at sásapulan na raw!.”

---“Sásapulan! pero kailán pa? *idemonyo!*” Isang binatâ ang noón ay pumagitnâ sa karanihan, at pagkatápos na mapauþò ang lahat, ay bunigkás n̄g ganító:---“M̄ga binibini at ginoóng kaanib sa ‘Dakilâng Mithî’:---

“Kayóng lahát ay pumarito na taglay sa pusô ang masaráp na pag-ása, na tayo’y uumagáhing

pára-pára sa pagpapasà sa isáng malambíng na sayawan. Hindî kayó mabibigô m̄ga ginoóng magigitîng.

“Sayawan at walâng ibá kundi sayawan ang inyong ipinarito, kaya’t sayawan at walâng ibá kundi sayawan ang dito’y áting pagdudumugan.

“Akin lang ipinagpapauna na ang sayawang itó ay kakaibâ sa lahat n̄g sayawan na inyóng alám. Wikâ n̄gáy, bâgong sistema; mapapálad kayó, sapagka’t sa boðng sanglupalop, kayó ang unang makakákilala sa kanya!

“Sapagkâ n̄gá’t bâgo, ay kailánğang siya’y ating ipaaninaw na mabuti. Sa sayawan pong itó, m̄ga ginoó at binibini, ay hindî m̄ga páa, kamáy at baywang ang magsisiindák. Ang dito po’y magpapakitâan n̄g gilas at kisig, ay ang m̄ga dilâ at n̄gála-n̄gála; kaya’t sayawan n̄g m̄ga dila’t n̄gála-n̄gála ang n̄gáyóng gabí ay siyâng yáyanig sa bahay n̄g ating pangulo!.”

—“*Nilin... na!*!---anáng naka-itím.

---“Pero que bruto!”---ang sabâd namán n̄g galít sa rigodón.

---“Batid ninyóng lahát m̄ga binibini at ginoo, ang patuloy n̄g naugtalumpati;---“na dito sa ating báyan ay may isang kapisanang di pa nala-láon ay itinayô n̄g kabataan. Batid din ninyóng lahút na sa m̄ga sandaling itó ang kapisanang iyán ay kasalukúyang naghihilik sa lálim ng pagkahimbing.

“Ang di na yatâ makasanglibong pagtawag n̄g púlong na laging nabibigô, ay labis na nag-uulat sa katotohanang itó. Ang pagkakabitin sa himpapawid n̄g lahát n̄g m̄ga panukalang inaharap at pinagtibay sa lóob n̄g kapisanan, ang pagkabigô n̄g aklatang itatatag, ang pagkabigô n̄g pahayagang palalabasin, ang pagkabigô n̄g m̄ga papúlong, n̄g paaralán sa gabí, n̄g m̄ga kung anó-anóng *Campaña* na sagána sa han  --ang lahát n̄g iyán m̄ga binibini at ginoo, ay isa pang di mapupuwing na saksi n̄g pagkauring mantikang-tulög n̄g ating Kapisanang kagúlatgúlat noóng kanyáng m̄ga únang áraw!

“Sa gitnâ n̄g ganítong kalagáyang dápat ikahiyâ n̄g kabatáang Libis, sino ang áting dápat sisihin?

“Ang m̄ga nan  gulo sa kapisánan?

“Akó na maláon nang nagmamasid sa gina-gawâ niláng pagtupád sa kanikaniláng tung-



FABRICA DE BIZCOCHOS Y DULCES
DE J. E. MONROY

Premiada en las Exposiciones de Hanoi de 1902 y S. Luis, E. U. A. de 1904.
PLAZA DE STA. CRUZ, 96-98, MANILA.

kúlin, ay walâng úlikúlik na makakapagsabi na ang mëa ginóong iyán ay nagawà ná ang lahát nñ abót nñ kaniláng káya.

"Ipinatútúpad nñ pangúlo sa mëa kaánib, ang palatuntúnan at mëa alituntúnin, dápwa't áayaw tâyong magsisunód,! Kaniláng iminunungkahì na isagawà ang mëa panukala't bátas na pinagkayarian, dápwa't áayaw tâyong magsikilos!

"Tumatâwag ang kalihim nñ púlong áraw-áraw hállos, dápwa't áayaw tâyong magsidaló!

"Mahúsay na hinihinégi nñ ínugat-yáman ang ambág sa lawa't buwan nñ bawa't isa, nñuni't átin siyáng pinagtataguan!

"Sino ngayón ang dápat managót sa pagkadiwarà nñ kapisánang itó?

"Sino ang dápat lagpakán nñ ating pagsisisi kundi táyo rin---tâyo na bûbuô nñ isarg kau-tusán at pagkatápos ay táyo rin aag sa kanya'y susúay?

Sino ang dápat nating sumpâin kundi ang átin ding mëa katawán---tâyo, na lilikhâ nñ isang matáyog na panukalà para sa ikabubuti nñ bayan at pagkatápos, kapag isasagawâ ná, ay tayo rin ang kaumáunahang malululà, ang kaumáunahang uurong?

"Sino ang dapat managót sa lahát nñ itó, kundi tayo rin---tâyo na kadalasa'y dahil lang sa kaunting sakít nñ ulo, ó kaya'y nñ nñípin, ó dûlo nñ kukó; dahil lang sa kaunting ulán, sa kaunting ínit nñ áraw, sa kaunting antók, sa kaunting layò nñ pagpúpulunñan, sa pag-kawálâng mákasáma, ó sa pagkawálâng *mabuntutan*---dáhil na dáhil lang diya'y di na táyo magsisidaló sa púlong?... i! Samantalang kápag isáng sáyawan ang ating dádayúhin, ay sumasagásâ tâyo sa unós at buháwi, nawawalâ ang sakit nñ ulo, napapawi ang antók, di iniindá ang ínit nñ áraw ni sinusukat ang layò nñ pagdaraanan!!

"Sino ang dápat kilabútan sa hiyâ kundi tâyo rin na kung makaísip mang dumaló sa pulong, ay panayon na lang mëa hulí---panayón na lang animo'y mëa kúhol?—Tâyo na munting maantig ang bulsá, munting máhingán nñ maipagtatawid búhay ang kapisanan, ay mag-papakaloy-layò na di na maápuhap kahi't na nakakaya ang halagáng hinihinégi? i! Samantalang kapág ang isáng sáyawan ang paguukúlan, ay malúwag na malíwag at galák na galak tâyong nagkakaloób nñ piso, piso't isang salapi, at kung minsan pa'y hanggang dalawá!!

"Ah, mëa kababayan!... Kung ang mëa katotohanang itó na sakdál nñ papaít ay nakanusúgat sa inyóng mëa damdámín, ako'y di nagsisisi! i Tinutupád ko ang áking katungkulán.

"Karápatdápat at kailánñang mabatid nating lahát ang hubád at wagás na katotohánan, na, ang kabatáan sa bayang itó ay kúlang pa nñ lakás, kulang pa nñ tiyagâ, pagtitiis, at sigláng walâng máliw!. Walâ pa ditong tunay na kakasan nñ loob na kinakailangan upang mai-sagawâ ang isang adhikâng mataas.

"Ah, Kabatâan, Kabatâan! Kay lakás mong manégárap, dapwa't kay dalí mong masawan, kay dalíng manglumó nñ iyong pusô, kay dalí kang panghinâan nñ túhod!...

"Iyán ba ang kabatáang pinangápanégárap nñ Dakilâng Rizal?

"Iyán ba ang kabatáang inaasahang tútubós sa Bayang itó na nñayo'y nábibingít sa bangin nñ kaniatáyan?

"Iyán ba ang *mga kawal ng tagumpay* *Bukas*?

"Ah, Kabatâan! kung ang mëa maliliút na kapisanan ay di mo mapagtixagaang buháyin, papaáno kayáng pagbúhay ang iyong gágawin sa isáng Bayang malayà?

"Kaundi pang paghuhunosdill, kaundi pang paglingâp sa dan  al nñ katungkulán! Kaundi pang pag-a  la  la sa kimábukasan!

"Samantálang ikáw, kabataan, ay walâng hanap kundi sayá at ligaya, samantálang di ka natutútong umibig sa walâng likát na pagpápágod, pagbabatá nñ hirap at pagsusumóg nñ kílay; samantalang di ka natutútong tumalikod sa mapanghalinang kawáy nñ mëa bulaklák, sa matatamis na awit nñ mëa *sirena*, úpang makatupád sa isáng katungkúlan; samantalang ikáw ay nabúbuhay sa himpapawíd nñ mëa paúgárap at di sa párang nñ paggawâ; samantalang ikaw ay walâng loob na iukol sa sarili mong bayan ang bawa't galaw nñ iyong isip, bawa't tibók nñ pusô, bawa't sandál nñ iyong panahón, bawa't paták nñ iyong dugó; samantalang nanatili ka sa mëa ganyâng kalagáyan, ikáw, kabataan, ikaw ay di dapat tawaging Pag-ása nñ tinubuan mong lupâ; ang dápat itáwag sa iyó ay HAMPAS nñ Diyós sa iyóng Lahì!!"

Pinútol dito ni Gerardo ang kanyâng talumpati. Dáti-dáti, tuwí siyáng magsasalitâ nang hayág, ay di maúbos-úbos ang pâpuri sa kanyâ nñ madlá; nñuni't nñayón, maánong nagtamo siyá nang kahi't gaputók na palakpák!

Sa mëa binatâ'y marámi ang sa kanya'y nñguso'-nñguso' at iírap-írap; may iláng dadábog-dábag at bûbulong-bulóng.

Si Choy ay tuwâng-tuwâ nang maalámang di mátutulóy ang ipinanékong sayáwan. Kamuntî na siyáng makalápit sa *naka-lana* upang ito'y mábigyan nñ isáng mahinéng "Hiilatt!" Ang mukhâ nñ *naka-lana* ay di maipintá noón. Hindî nagkásiya sa isiníma-simângot at ipinise-pshe. Sa huling bahági nñ talumpati ni Gerardo ay walâng ibinubugá ang nagkakang-nñgingwi niyang mëa labí kunglî payák na:

---*Suplado!* Hambug! Hi...! Palalô! Yabang...! Para ka riyang ising lélóng na nangângáral sa amin ah! Cu...!

Pabulóng kun bigkasín ang mëa salitâng itó, na anopa't walâng nakáririníg kundi yaong mëa malalápit sa kanyá.

Hindî lang ang bibig nñ *naka-lana* ang na-nñgunígsap: ang mëa matá niya ay may lalong mahalagâng bágay na inihahayág. Ang mëa namumutîng matang iyón kun titigan si Gerardo nang siya'y nagsasalitâ ay parang tumitig sa isang nagpapaálam na bilitayin,

kundi man sa isang kabaong na, sa isang tigmak na sa dugó!

Ang naka-lana ay si Juancho!—si Juanchong masidling kaaway ni Gerardo sa lahat ng bagay; ang nabigóng *kandidato* sa kamay ni Elena, ang bunsóng kapatid ni Kápitang Memò na kanyang kinasapakát sa madugó niyáng paghihigantí kay Gerardo--paghihigantí gágamapin nilá sa gabí ding iyón!...

AMADO LIBELOSO.

San Mateo, Rizal, Hulyo, 1909.

Bayani sa Bayan

(*Handog sa BANGON.*)

Hindi na marunong mapagod maglakád
Ang mág bayani sa pagpapasikat
Na ng araw sa Bayang pinakaliliyag;
At di rin marunong matakot, mágulat;
Saliksiki'y yungib, parang, bukit, gubat,
Humawan ng tinsk, bunagtás ng dawag,
Ay sigla't lakas ding hindi nagpupuknat.

Bayani ay walang sindak at pangánib
Guniguni kaya'y hindi nasisilip,
Kung dahil sa Baya't Lahíng iniibig;
Búhay ma'y malagót, dugó ay matigis,
Magsábog ng lakás, ipain ang díbdíb,
Pawang saya't nğití, tuwa't pananalig
Sa nasáng ang Baya'y mawalán ng sákit.

Sa taktsíl na anak ng sariling bayan
Ang mág bayani ang siya rin namang
Lilipol kaagad at di babayaang
Magugat, magsuplíng, magbungá't lahílan;
Kapag ang masamá ay bindi pinaram
Sa lupá ma't labí'y ang masayang araw
Ay di pakita magpakailan man.

Hindi kakaunti ang iniaanák
Na pusóng bayani sa Sangmaliwanag,
Na ang hanğad nila'y pawang pagtatapat
Sa Bayang linakhá't hindi ang magsukab;
Di paris ng mág nagsisipamausag
Na nagmamasakit sa layon ng lahat
Bago'y ang gawain ay pagpapahamak.

Parang himpapawid na may malikmatáng
Humaka't yumari ng banal na nasáu,
Haling matibay sa pakikidigmá,
Kutáng pánganlungán ng mág mahiná,
Masaganang batis na di nag-asawá
Ang daloy ng tubig na sadyang biyayá,
Na sa bayá lahi'y tanğı at dakilá.

Ang mág bayani kung kayá tawaging
Dakilá't marangal ng lupáng giniliw,
Dahil sa may pusò at isang daimdamín
Sa irog na lahi, na kahi't sapitin
Ang kadustadustá't abáng pagkálibing
Ay di kailançan, lamang ay sambitíng
May bayan na siya na hindi alipin.

Sa dagsâ ng unós ng mág paratang,
Sa bilis ng datíng ng mág kalaban,
Sa balá ng sákit niyong kamatayan,
Ang mág bayani'y walang agam-agam,
Di nababalino at laging matapang,

Ni di tumitigil hangang ang tagumpay
Ay maihandog din sa sariling bayan.

Sa mág bayani ay walang madilím,
Walang bagyó, lindól na di sosoongín,
Panatag ang loob, walang salagimsim,
Hindi linilingón ang tatatakting
Bagabag, sakuná, sákit at hilahil,
Dalítá, pighatí, hirap at pauidim
Kung dahil sa bayang pinakagigiliw.

Mág bayani rin ng irog kong Bayan
Ang humango niyong dustáng pagkálagay
Na ating kahapong pinatumuhunan
Ng luhang mapaút, ng búhay na hirán;
At nagtangól pa rin ng purí at dangál,
Tumubós sa hirap ng Kaalipinán
Hangang sa sumíkat yaong BAGONG ARAW.

S. R. SAN.

Malabón, Rizal, Mayo, 1909.

La cultura científica

El desarrollo de la civilización descansa sobre las aplicaciones de la ciencia, que exige un esfuerzo intelectual universal, desde el sabio que descubre el principio de las cosas en su laboratorio, hasta el ingeniero que deduce de esos principios abstractos las reglas generales y especiales de las aplicaciones; desde el inventor que se esfuerza por hallar nuevas aplicaciones, hasta el empleado técnico, el obrero instruido, que aplican las mismas reglas á los aparatos y á las máquinas, encargados de ponerlas en movimiento y de dirigirlas. Los conocimientos adquiridos por cada uno de esos trabajadores benefician desde luego á la sociedad en general, y de un modo más especial á los capitalistas que suministran el dinero necesario para la fabricación y para el desarrollo de toda industria. Admitido esto, no es menos necesario y equitativo que los ciudadanos que poseen tales conocimientos tengan derecho á participar, en una fracción muy importante y legítima, de los beneficios que los fabricantes obtienen.

Pero es preciso tener en cuenta que semejante beneficio, obtenido de las aplicaciones de la ciencia, no debe tener por efecto restringir las ventajas de unos en provecho de otros, pues está fundado, ó por mejor decir, deberia estarlo, sobre el aumento necesario y general del capital intelectual y moral de la humanidad. Cuantos intervengan en ese acrecentamiento deben participar de los beneficios que se obtengan.

La utilización cada día mayor de las fuerzas naturales produce un aumento incesante de la riqueza social y de la capacidad productora de la industria: hé ahí lo que significa el dominio creciente de la raza humana sobre la Naturaleza.

La ciencia práctica que adquiere el obrero se traduce por un aumento legítimo de salario y de capital intelectual; y además, por una elevación del nivel y de la dignidad moral del conjunto de todos los ciudadanos, encaminado á la nivelación legítima de las diversas clases sociales, empezando por arriba para aproximaslas á todas haciéndolas comulgar en un mismo ideal, ó lo que es igual, en la comunidad de las mismas concepciones y de las mismas ideas morales.

El hombre que se procura un conocimiento personal en el orden práctico é industrial, adquiere una nueva facultad productora, utilizable; adquiere un nuevo capital, pero es un capital inmaterial,

que transporta consigo y que no se halla expuesto á ser robado ó perdido.

Tal resulta de las aplicaciones de las ciencias matemáticas, á una multitud de profesiones mecánicas, industriales y artísticas; de las aplicaciones de las ciencias físicas, químicas, naturales, á profesiones no menos numerosas, tales como la tintorería, la fabricación de los metales, de los ácidos, del jabón; y, en agricultura, la dirección metódica de los cultivos, el empleo de los abonos, la fabricación del vino, la cerveza, la preparación de las materias alimenticias; y en órdenes más restringidos, la fotografía, el alumbrado, la aplicación de los métodos de la electricidad á las reacciones de toda índole, etc., etc. ..

Hay, pues, que contribuir al desarrollo de la educación social para formar hombres y ciudadanos, no solamente útiles, sino accesibles á una cultura más alta y más delicada, y para esto nada mejor que la creación de asociaciones, de ligas, formadas en el dominio utilitario y práctico, por el concurso de las buenas voluntades privadas, cuya acción es más rápida y más eficaz que la de las organizaciones oficiales, que serán más estables, pero que también son menos móviles á las condiciones modificativas de la vida y á la necesidad de perfeccionar sin cesar las enseñanzas prácticas, aprovechando para ello el progreso realizado en derredor nuestro.

Se impone la orientación en esa concurrencia vital de las industrias y del comercio que tan duramente se practica hoy, tanto en los trabajadores de una nación como entre los de los demás países, y hay que contribuir por el esfuerzo mancomunado de la creación incesante de un capital intelectual, que sirva de provecho á los individuos que lo adquieran, y de desarrollo á la nación de que forman parte esos mismos individuos. En una palabra, y para terminar, trátase de establecer la enseñanza industrial y la enseñanza comercial sobre la base sólida del conocimiento de las ciencias aplicadas, desde sus fórmulas elementales hasta las fórmulas del orden más elevado.

El fundamento de toda enseñanza técnica es de orden científico. Los datos empíricos y tradicionales de las diferentes profesiones hárllanse hoy ligados á principios científicos, que intervienen sobre todo en los perfeccionamientos y en las transformaciones incesantes que experimentan las industrias: la concurrencia universal no permite ya á nadie dormirse, como los hombres de otros tiempos, en las rutinas inmutables de un aprendizaje reglamentado.

La adquisición de la ciencia puede apreciarse desde dos puntos de vista: desde el de la cultura general del espíritu, y el de la curiosidad satisfecha. Por eso decía Aristóteles: "Toda ciencia ha nacido de la admiración;" y "cada hombre desea saber por inclinación natural."

Sin embargo, esa necesidad de la ciencia no suministra al hombre de un modo directo los recursos necesarios á su existencia. Es preciso vivir desde luego: la reflexión filosófica sobre viene después, según un antiguo proverbio.

Pero sabemos, y esto se confirma siempre más y más, que la ciencia no es necesariamente estéril para las necesidades materiales del que la posee.

Saber es poder, esto es, adquirir aptitudes nuevas, provechosas para el que las adquiere y para los que tienen necesidad de su trabajo.

Así, pues, esforzémonos por cumplir, cada uno en la medida de nuestra capacidad y de nuestros medios, el deber que incumbe á los ciudadanos más favorecidos por la fortuna, por la instrucción, por la moralidad: me refiero al deber de ayudar á aquellos cuya vida es más difícil y cuyos recursos

son más ínfimos por el hecho de su origen ó de las circunstancias. Sabios e ignorantes, privilegiados y proletarios, ricos y pobres, patronos y obreros, todos debemos estrecharnos las manos, fraternizando nuestros espíritus y nuestros corazones, y mirarnos en una corriente de buena voluntad recíproca y de simpatía verdadera, fundadas sobre el sentimiento de la solidaridad, que encadene todos los ciudadanos de una misma patria y los miembros de la humanidad entera!

M. BERT.

PANULAT BABAE ANG PAG-IBIG

Tooto't kailangan sa bawa't tao ang gawang umibig, ngnuit ang pag-ibig sana ay ipipili ng ibibigin, iyong napagkikilalang marunong tumumbás sa kanyang pag-ibig; totoo at mahirap kumita ng ganito, pagka't marama ang maibig lamang ay nagpápangap na siya'y mabuti at marunong makiyayos sa kanyang nilalapitan, ngnuit ano naman ang ating ipalalagay sa nakikita na ang sasapiti'y pinagsisikapan parin ang gawang paglakad at ibig ding datnín ang natutanaw nang mahirap na salungahin? Ito ang ayaw ng kalayaan ng kanyang katawan, ito ang may pag-ibig ng, ngnuit di ginagamit ng mabuting paggamit.

Ano kayá ang iniibig ng may asalíng ganito: dangál, kagandahan, dunong tapang salapi ó ano? kabaitan kaya? kagandahan asal kayá? Marahil ay di ang mág ito, malayo pa'y di na makikita ang balà ng hirap na di man hinahalanap ay masusunpong na. Kung gayon ay alín? maaaring iba, gaya ng dunong, tapang, kayamanan, kagandahan, dangál; ngnuit sa ganito'y di dapat uinasa, pagka't karamihan nito'y mág paliyás lamang, balat-kayo lamang, palamuti lamang ng may mág maihit na asal.

Saliksikin natin ang may mayamang asal, kayamanang kaylan ma'y di maaaring matunaw, hanjinin, arawin ó ulanin man.

Ang ma'y pag-ibig.

10 OR TEN.

FELICITACIÓN

Se la envío á los recien-casados Sr. Eulalio Paz y Sra. Romana Heredia.

Brilló, por fin, el dia feliz que vuestros corazones tanto tiempo esperaban.

Habéis sufrido bastante para merecer el triunfo. Recid mi cordial felicitación.

Os deseo un hogar tranquilo, dulce, próspero, alegre—un hogar consagrado al bien de la Madre Patria—un hogar con muchos hijos, hijos inteligentes, virtuosos, fuertes, e... independistas!—Hijos con suficiente valor y civismo, que sepan arrostrar sufrimientos, escalar Calvarios, y derramar, si fuese necesario, la última gota de su sangre, cuando se trata de luchar por su Dios, por la Justicia humana, por la Libertad sagrada, por los derechos legítimos de este queridísimo pueblo desventurado.

Vuestra affm. servidora,

CONSUELO AGUIRRE.

San Mateo, Julio 26, 1909.

Kilos n̄g m̄ga Kapisanan sa Rizal

PALATUNTUNAN NG KALIPUNAN

Pitmagat, kalahagyan at layon.

Pangkat 1. Ang KALIPUNANG ito'y binubuô n̄g madlang kapisanang natatayô sa lalawigang Rizal, at pinamamagatang KALIPUNAN NG MGA KAPISANAN SA RIZAL.

Pang. 2. Matátatag ang KALIPUNANG ito sa Pasig, pan̄ulong bayan n̄g Rizal.

Pang. 3. Lalayunin at pagsusumakitang maganap n̄g KALIPUNAN ang m̄ga sumusunod:

a) Pagsisikap sa ikapagkakaisá n̄g madlang kapisanan sa lalawigang ito, sa nasang pagkakatuto n̄g m̄ga karunungan, artes at sport.

b) Pagtatayô n̄g kapisanan sa m̄ga bayang wala pa nitó, na masasaklaw n̄g KALIPUNAN.

k) Tumulong, unayos at magpasiglá sa m̄ga kapisanang naluhoy ang sikap sa pagpa-paunlâd n̄g kanilang magagandang adhikâ.

d) Pagbaka sa m̄ga bisyo at m̄ga kasamaáng ikinaiimbí n̄g táo.

e) Ang iba pang m̄ga bagay na nabihingil sa ikatalatino, ikasusulong at ikararangâl nitong lalawigan.

Kapulungan ng tagapamahala.

Pang. 4. Ang Pamabalaan n̄g KALIPUNANG ito'y sasakamay n̄g isang Kapulungan bubuñin n̄g m̄ga Kinatawang ihahalal n̄g m̄ga kapisanang kaanib, na makakasingdami n̄g isang ibayo n̄g bilang n̄g nasabing m̄ga kapisanan. Sa unang pulong na gagawin n̄g m̄ga Kinatawan ay hibirang sa kanilá n̄g isang magiging Pangulo at isung Pangalawang Pangulo n̄g KALIPUNAN; pipili rin naman n̄g isang Kalihim, isang Pang. Kalihim at isang Tagaingat-Yaman na pawang hindi Kinatawan. GAYON MA'Y DAPAT UNAWAING hindi ibinabawal na mápahalal sa alin man sa huling tatlong tungkol na ito ang isang Kinatawan, n̄guni't kinakailangâng magbitiw n̄g pagkakinatawan upang magampanáu yaon, at sa bagay na ito'y ang kapisanang kinaanibán niya'y maghalal n̄g kanyang kahalili.

Lahat n̄g máhalal sa m̄ga tungkuling nasa-saysay sa itaas ay manunupad sa boong isang taón ó hangang mápalagay ang bagong Lupong Tagapamahalâ.

Pang. 5. Sino man sa m̄ga ginoong bumubô n̄g Kapulungan ng Tagapamahala ay maaaring pigilin sa tungkol ó kaya'y papagbitiwin sanhi sa isang inasal na di karapatdapat, na ano pa't makasisirâ sa kabuhayan n̄g KALIPUNAN ó nakasisirang puri sa karangalan nito. Ang pagpigil na ito't pagpapabitiw n̄g tungkol ay ipasisiyá n̄g Kapulungan pagkatapos na malitis ang may-sala at mapagkilalang nauukol ang gayong pasiyá. Sa gayo'y magtatahdhanâ n̄g isang di

karamiwang pulong n̄g kapisanang kinaanibán n̄g pinapagbitiw, kung ito'y Kinatawan, upang maghalál n̄g kahalili niya.

Pang. 6. Ang Kapulungan ng Tagapamahala'y magpapasyá n̄g m̄ga bagay bagay na natutungo sa ikagaganap n̄g m̄ga layon n̄g KALIPUNAN, gaya halimbawa n̄g pagdaraos n̄g mga papulong sa iba't ibang kapisanan, paggawâ n̄g m̄ga veladang ukol sa ikatututo, paglalakbây na may kapakanán, pagtatatag n̄g m̄ga klub, pag-lalathalâ n̄g páhayagan, pagtatayô n̄g m̄ga aklatan, at ibp.

Gagawâ rin ang Kapulungan n̄g isang Ali-tuntuning susundin sa ikaaayos n̄g m̄ga pagpu-pulong.

Sa Pangulo

Pang. 7. Ang Pangulo'y siyang kakatawan sa KALIPUNAN, at tutungkulín niya ang m̄ga su-musunod:

a) Tupari't ipaganap sa kalahatán ang m̄ga nauukol na tadhanâ n̄g Palatuntunang ito at ang tamang pagkáyarian sa m̄ga pulong.

b) Mangülo sa m̄ga pagpupulong n̄g KALIPUNAN at magpapanatili n̄g lubós na kaayusan sa boong pag-uusap.

k) Sumaksí sa pamamag-itán n̄g kanyang pirmá, sa katibayan n̄g pagkakaanib n̄g bawa't kapisanan.

d) Maglagdâ n̄g atas sa Tagaingat-Yaman tungkol sa m̄ga pagbabayad na gawin.

e) Tuwing m̄ga buan n̄g Hulyo at Enero ay magbibigay sulit sa haráp n̄g isang dakilang pulong n̄g lahat n̄g kapanig, tungkol sa m̄ga nagawâ n̄g KALIPUNAN sa boong anim na buang natalikdán.

f) Sa pulong ay makapaghahayin n̄g kanyang palagay, n̄guni't hindi makakikiling sa alin mang kaloooban kundi sakaling magkápatas.

g) Ang iba pang m̄ga gawaing nauukol sa Pangulo.

Sa pangalawang Pangulo.

Pang. 8. Ang Pangalawang Pangulo ay siyang hahalili sa Pangulo pagka ito'y hindi makapanungkól sanhi sa isang makatwirang dahilán. Sa bagay na ito'y tataglayin niya ang lahat n̄g karapatán at katungkulang naáatang sa Pangulo.

Sa m̄ga pulong ay makapagpapalagay at makaboboto.

Sa Kalihim

Pang. 9. Ang Kalihim ang siyang mag-iingat n̄g m̄ga kasulatan n̄g KALIPUNAN, at magiging tungkol niya ang m̄ga sumusunod:

a) Magtaglay n̄g isang aklát na kalálagdaan n̄g m̄ga paunthayag n̄g pag-anib dito n̄g m̄ga kapisanan; isang pagtititikan n̄g m̄ga akta n̄g

lahat n̄g pulong na ganapin, at isang ukol naman sa m̄ga katibayan n̄g pagkakaanib.

b) Gumawàt at magpatooto sa akta n̄g lahat n̄g pulong n̄g KALIPUNAN, at magpahatiid n̄g m̄ga salin nito sa m̄ga kapisanang kaanib.

k) Pumirmí sa m̄ga katibayan itutulot sa m̄ga kapisanang bagong anib.

d) Magpadalá buan buan sa Tagaingāt-Yaman n̄g kabuoang bilang n̄g m̄ga kapanig sa bawa't kapisanan.

e) Tumawag n̄g pulong alinsunod sa nasa-saysay sa Palatuntunang ito, at ayon sa magalingin n̄g Pangulo.

f) Mag-ingāt n̄g isang lambál n̄g bawa't katalas n̄g Kalipunan, gayon din naman n̄g m̄ga liham na tangapin nito.

g) Ang iba pang m̄ga gawaing nauukol sa Kalihim.

Sa pangalawang Kalihim.

Pang. 10. Ang Pangalawang Kalihim ay siyang tatayông Kalihim pagka ito'y hindi makapanungkól sanhi sa isang makatwirang kapisanan; at sa ganito'y gagapin niya ang lahat n̄g gawaing natatadhana sa tungkol na yaon.

(*Tatapusin*)

ALITUNTUNIN SA LOOB NG KAPULUNGAN.

Hanay ng pag-uusapan.

Pangkat 1. Ang m̄ga gagawin n̄g Kapulungan ay iaayos dito sa sumusunod:

a) Pagbasa n̄g akta n̄g sinusundang pulong, at ang pagtatakdâ n̄g mamagalingin dito n̄g Kapulungan.

b) Pagbasa n̄g m̄ga sulat na tinangap n̄g Kálihimán.

k) M̄ga gawaing di pa natatapos.

d) Pagbibigay-alam n̄g m̄ga Lupong Tagasuri.

e) M̄ga bagong palagay na isinulat.

f) Iba pang palagay na di itinitik.

Pangkat 21. Upang mabago ang pagkakásunod-sunod na ito'y kinakailangan ang ipatantô sa Kapulungan at sang-ayunan n̄g dalawang bahagi n̄g m̄ga Kinatawáng kaharap.

Sa pagkuharap ng palagay.

Pangkat 3. Ang m̄ga palagay na isinulat ay kinakailangan iharap n̄g isa man lamang na Kinatawan, at magpapadalá n̄g isang salin sa bawa't Kapisanang kaanib at isa sa Kálihimán n̄g Kalipunan, sanlingo muna bago dumating ang pulong. Ang m̄ga palagay na di itinitik ó sa salita lamang ay kinakailangan panggalawahan n̄g ibang Kinatawan upang mapag-uusapan.

Pangkat 4. Ang m̄ga palagay na itinitik, kaylan ma't napaharap na, ay hindi mababawi n̄g nagpalagay, nguni't maaaring baguhin niya samantalang di pa napag-uusapan; ang m̄ga di itinitik ay maiiuromg ó mababago n̄g nagharáp.

Pangkat 5. Kaylan ma't kakailanganin, ang bawa't palagay ó munakalà ay ipatiilalim muna sa kapasiyahan n̄g isang Lupong Tagasuring

ihahalal n̄g Pangulo, bago pagtatalunan n̄g Kapulungan.

Pangkat 6. Makapaghaharáp n̄g pagbabago sa alín mang palagay na pinag-uusapan, at yao'y maaaring pagtibayin kung mapagtibay ná ang palagay na binabago.

Pangkat 7. Maimumungkahing pag-uusapan mulî ang isang bagay na napagtibay ná.

Sa pagtatalo.

Pangkat 8. Alín mang Kinatawan ay di maaaring magsalitâ hangang di itinutulot n̄g Pangulo.

Pangkat 9. Sa pagtutulot n̄g pagsasalitâ ay susundin ang m̄ga sumusunod:

a) Ang Kinatawan na ang kanyang palagay ang pinag-uusapan ay siyang may katwirang makapagsalitang una, kahi't may naunang huminḡi.

b) Alín mang Kinatawan nakapagsalita na tungkol sa isang bagay ay di na muling makapagsasalitâ n̄g hingil din doon kaylan ma't may ibang humihinḡi n̄g pangungusap. Gayon ma'y maitutulot n̄g Pangulo kung kinakailangan sa ikaliliwanag n̄g pinag-uusapan.

k) Sa ikaaayos n̄g pagtatalo ay pagsasalisihin ang m̄ga magsasalitâ, isang umayon at isang hindî.

d) Ang bilang n̄g makapagsasalitâ sa bawa't munakala ay di hihigit sa anim, na tatlong ayon at tatlong hindî, at di lalampás sa limang minuto •ang pagsasalitâ n̄g bawa't isa; nguni't dapat unawaing ang Kinatawan na ang kanyang palagay ang pinag-uusapan ay maaaring makapagsalitâ pa sa hulí kaylan ma't kanyang nanasain.

e) Dapat pakigáng una ang mungkahing paghin̄gi n̄g paliwanag at pasiyahang una ang alín mang "question previa" bago ipagpatuloy ang pag-uusapan sa alín mang munukalà.

Pangkat 10. Sa pasiya n̄g Pangulo tungkol sa pagtutulot ó hindi n̄g pagsasalitâ, ay makatutulot ang dalawang Kinatawan, at kung magkaganito'y hihinḡin n̄g Pangulo ang pasiya n̄g Kapulungan at ang kahatulán nito ang siyang susundin.

Pangkat 11. Hanga't nagsasalitâ ang isang Kinatawan ay di mahabalâm nino man, liban na lamang kung nálalayô sa pinaguusapan ó lumalabag sa Alituntunin.

Pangkat 12. Hindi makapagsasalitâ ang alín mang Kinatawan n̄g ikaáalipusta ó ikasisirang puri n̄g iba.

Iba't ibang bagay.

Pangkat 13. Ang pagboto ay maaaring gawing hayág ó lihim, at kaylan ma't hayág ay hindi makatatangí ang sino mang Kinatawáng kaharáp sa pulong.

Pangkat 14. Sino mang Kinatawan di dumaló sa m̄ga pulong na itinatakda n̄g Palatuntunang ay mapaparusahang magbayad n̄g sampung céntimos (10) at ito'y mahuhulog sa kabán n̄g KALIPUNAN at malalaan sa m̄ga gugol n̄g Kálihimán. Ang Kinatawáng makalawang sunod na di dumaló sa m̄ga pulong at di nagbabayad

n̄g tadhanang parusa, ay ipagbibigay-alam n̄g Kalihim sa Kapisanang kinauukulan, at sa ikatlo pang pagkukulang ay mapapatiwalag ná sa Kapulungan, at ang pasiyang ito'y ipatatanô rin sa Kapisanang kinauukulan upang makapaghatal ng bagong Kinatawan.

Pangkat 15. Ang masagwang gawain n̄g alin mang Kinatawan ó ang paglabag niya sa m̄ga palatuntunang umiiral n̄g Kalipunan ay sukat náng maging dahilan upang mapaaalag n̄g Pangulo sa harap n̄g pulong; gayon ma'y mакtutulot sa Kapulungan ang násabing Kinatawan, at ang boto n̄g dalawang ikatlong bahagi n̄g m̄ga kaharáp ay siyang líbusang makapagpapasiyá sa tutol na yaon.

Pangkat 16. Ano mang pagbabago ó pagdragdag sa Alituntutuning ito ay gagawin ayon sa tadhanà n̄g Palatuntunang umiiral n̄g Kalipunan.

Pinapagtibay n̄g ika 15 n̄g Nobyembre n̄g 1908.

"Samahang Mapagsikap."

Ang Kalihim n̄g Samahang itó, ay magalang na nag-aanyaya sa lahat n̄g kasapi sa pulong-karaniwan, na idáraos sa iká 8 n̄g Agosto, sa oras na iká 3 1/2 n̄g hapon, sa bahay n̄g Inéat-Yaman na si G. Felipe de Jesús.

At ang náataság magbigay n̄g panayám ay si G. Filemón Tanchoco, pagkatapos suriin at ipahayag sa madlâ āg m̄ga nalikom at nagugol na salapí sa beladaq idinaos n̄g Samahan noong iká 27 n̄g Hunyong nagdaan.

Isinasamô ang mahigpit at maagaq pagdalaló.

“Ikáw ba’y magkuro!!”

(Sa aking Bulaklák.

Kay walâ mong lingâp! Kay walâ mong awâ!
Lagì nang tahimik, tuwî na'y payapâ,
hindî na winarîng
ang pagpapabayâ ay aking dalitâ
at ikasasawi n̄g palad na dukhâ!

Dî na ginintâ! Dî na pinagkurông
isâng káluluwá sa dusa'y gugupô,
sa hin lî pagpanâin,
ang abâng buhay ko'y kagyâ't malúlugso
sa lumbây, bagabag at sa pagkahapô!

Tugón ka na sana . . . at dilidilihin
ang aking pagsamô, tapat na paghain,

Huwág maniwâlang
ang ulilang pusô'y dî na malalagím
dî na maluluhâ sa dî mo pagpansin.

**
Ikáw ba’y magkuro! Sandaling linin  :
kung ikáw bang iya'y m  tulad sa ákin,
dî ka ba maumangl  w?
dî kayâ itan  gs at iy  ng isiping
ako'y wal  ng hab  g at wal  ng damdamin?

Halaq n  ... sabi na, iy  ng ipagtapât
kung hindî toto   ang sabi kong lah  t;
dî ba kung sakali

na ik  w na iya'y humihing  ng hab  g
kung dî ka tuluta'y halos ikaiy  k?

* * *
N  n  i't sa abâ ko! Ayaw kang sumag  t!
Winalâng bahalâ ang lahit kong lungk  t,
at ikinatutu  

ang ako'y m  malas sa pagkak  lugm  k
sa banig n   hirap at madl  ng himutok!

Huw  g ka bang gany  n! Ikaw ba'y maaw  !
Dî lik  s sa t  o ang maging dakilâ
sa gaw  ng pag-ap  ;
umap  y lab  g sa banal na nas  ,
maaw   ay siy  ng sagisag n   diw  !

Iy  n ang hang  d ko! It   ng   ang tunay,
lunggati n   pus  ng tap  t at dalisay;
mangyari ay ik  w
ang paraluman ko't siy  ng tang  ng b  hay,
na pipintuh  n magpahang  ng b  hay.

PAROPARONG BATA.

Malulos, Bul.

LA ESPERANZA

A mi bella “AZILEF”

All   en los rec  nditos pliegues del coraz  n humano, existe escrito con caracteres de oro una palabra, y que sola ella basta para aminorar los innumerables males de que se halla sembrada esta penosa y pasajera senda de la vida: “la esperanza”.

Ella hace levantar y erguir la frente del misero mortal que la calamidad y la desgracia le han hecho su vil juguete, oprim  ndole bajo el ind  mito peso de su acerba crueza...

Ella constituye la salvaci  n del infeliz navegante, que perdido entre las inmensidades del oc  ano, y combatido por la inconsciente furia de las encrespadas olas, se anubla su frente con el futuro infortunio, se acobarda y se entrega en manos de la desesperaci  n...

Ella ci  e con el laurel de la victoria la frente del feroz guerrero que, cubierto de llagas y dc heridas el erguido cuerpo, se lanza a la sangrienta lid, medio revestido de valor y de cobardía...

Ella constituye la felicidad de los amantes que, cansados de la vida por f『tiles desenga  os, yacen medio muertos deplorando su suerte, alej  ndose de esta vida y acerc  ndose a la eternidad, para dormir el sue  o eterno de la muerte. Mas ella les infunde vida, resucitando sus amores ya muertos por fatales desenga  os, haciendo de ellos, miserables y desgraciados que son, felices y aventureados amantes.....

Ella, en fin, labra y brinda la felicidad de este, que arrestado por crueles pesares, gime y suspira, porque una mujer, la bella hija de Filipinas, le hace sufrir mil y mil penalidades.

Ella, en una palabra, es el b  samo, que cura los males de la vida es la misma vida..., la salvaci  n del misero mortal ... En ella est   todo ...

“Ama y espera!” esta es la norma que en mi sendero llevo. Ama y espera, esto es lo que la esperanza me dicta en lo profundo de mi coraz  n.

Ama, me dice, porque es preciso amar para ser amado; espera, porque tarde o temprano se realizar  n tus dorados sue  os, y ver  s ceñida tu frente con el laurel de la dicha y de la felicidad...

“Ave” yo te saludo joh arca de salvaci  n...! y te ofrendo el triste lirismo de mi ferviente veneraci  n. . . .

ORDNAEL de NOSBAJ.

BUKAS NA LIHAM

Makabud, 25 Hulyo 1909.

G. Namamahalà ng "BANGON . . .",

Sn. Pedro Makati, Rizal.

Mahal na Ginoo:

Gaya ng naipanãako ko sa inyóng búhat diñ'y pahahatdán kayó ng mäga bagay-bagay na nangyayari sa dakong irí, ay tutuparín ko nãgayón.

Una munang ibabalitâ ko sa inyó ay ang napagsasapit dini ng páhayagáng itóng inyóng pinamamahalaan. Dini po ang BANGON ay kinalulugdáang basahin ng madlâ, at araw-araw ay dami at dami ang mäga mangbabasa, sayang lamang at walâng maibigay ang Tagapangâsiwa ng inyóng pahayagan sa minimithî nilang mäga hulíng bilang.

Ang mäga tagarini ay kasalukuyan nãsayóng pinupupog ng mäga kandidato at ng kanikanilâng *leader* para sa iba't ibang katungkulán; náriyan ang para presidente, gobernador, tercer miembro at diputado.

Ang matunog na kandidatong dini'y napaglididlinig para gobernador ay si G. Lope K. Santos; para tercer miembro ay si G. S. Apacible, at para diputado ay hinihiling na si G. Revilla ang mulíng manumbalik. Bagama't nakikipanggaw na pilit ang *astuto* at *usting* na si G. Dancel para gobernador, at para sa tercer miembro ay ang *matalino* at *politikong* si G. Lucas Santiago.

Buhat dini ay nabalitaanan ko ring ang kandidatura po raw na itó, ay naglakbay sa Sn. Mateo at dahil sa kalakásán ng ulán ay di nangyari ang papulong na kanilâng tinangkâ, gayon ma'y nagusapusap na lamang ang mäga kandidatong Dancel, Lucas Santiago at Co. susog sa mabuting paraang dapat gawin nilâ sa kanilâng ikapagwawagi.

At may higing pa akong ang huling ginoong nabangit ay siyang magiging samantalang tercer miembro, yamang si G. O. Amado ay nagbitiw dahil sa kandidatura niya para gobernador.

Ibinabalitâ rin namin sa inyó, G. Namamahalà ng BANGON... na ang parè nãgoyon ng Montalban ay kastilâ. Mabuti naman siya, ang amin pagkakabalitâ, masipag at maidadagdag pa nating di na nãg kailangâng alisin pa. Dapwa't kinakailangâng ipaalaala sa mäga taga Montalban na nararapat munang ibaon sa limot ang nagdaang himagsikan; itapon muna ang kanilang mäga pusong pinaglulumutan ng mäga aral at halimbawâ ni Rizal; patabunan muna ang pagkakabubô ng kanikanilang dugô sa lawak ng digmaan at doon sa Bagumbayan na naging Gólgota ng ating mäga *Martir*, at lisanin ang mäga kaluluwang kinatatanman ng mäga binhing nahasik sa parang ng digmáan dahil sa asal ng mäga lipí at inangkan ng mäga pareng kastila ng iyâng, aywan kung bakit nakatitiis pang mabuhay, uminon, at magpasasâ sa bayang itó na halos kalahatlahatang mäga nilikhâ dito ay nagsisiyambâ at nagmimithing makapaghiganti, dahil sa kanilang mäga inasal na pagpapaluhâ sa mäga balo at ulila, sa paghawan

NAGTATAKA AKO!

(KAY GAT DUSA.)

Nagtátaka akó:
di ko madalunat matáy kong isipin,
ang isang *Gat Dusang* nangâgarap mandin
sa isang pag-irog na nasâng angkinin...

Nagtataká akó:
kung ang bawa't samóng ihatid sa akin
ay tinutugon kong walang mararatíng,
bákit nãgoy' halik ang siyâng hihihingin?

Nagtataká akó!
Hindi mo ba tantông
ang halik ay isâng dakilang sumpâan,
ang halik ay tali ng pagiibigan
ng dalawang pusô, hangang sa libin  an?

Hindi mo ba tantông
ang halik ay doón sa nagmarahalan
at hindi sa mäga walang hinihintây
na dapat marating magpakailan man?

Ikaw'y magkaisip!

Ang katotóhana'y
talagâng nanâgarap itóng si *Gat Dusa*.
Sa pagkákatulog ay kinakabaka
ang mäga anitong walâng kaluluwá,
dahil sa mabisâng
init ng katawâng ipinagdúrusa.
Namámanghâ ako sa kinátatawâ't
Miguel "Walang Sugat" yata ang kapara...

Kay kahabaghabag!

Nagtataká akó,
at dapat pagtakhán ang sabing limuting
nagkakahulugán na ikaw sa aki'y
nágíng mapalad na. Saráp na bigkasí't
inam ipamanság!...

Diyata't ang sagót, na: *di maaamin*
ng puso ko't dibdib ang iyóng paggiliw,
ay isang pag-asa't tagumpay sa turing?

Ha! ha! ha! ha! ha! ha!...

CHARING.

LOS OPERARIOS FILIPINOS

Almacén de comestibles y bebidas
del país y del extranjero.

CENTRAL: SUCURSAL:
6 Villalobos, Quiapo 277 Tabora, S. Nicolas.

sa mäga bayaning nagpamulat ng ating mäga matá;
bago matiis na ang ganyang paré ang siyang
tumangkilik at siyang sa ati'y tumulong upang
bigyâng patabâ ang atin-ating mäga kaluluwa
sa ikaaakyát sa Kaluwalhatian.

Hangang dito na muna ang pagbabalita ko
sa inyo, at sa isâng sulat ko'y tutukoy naman
sa bayang kalilipatan ko pagkatapos ng mäga
araw na itó, at tuloy mag-utos ng kaya,

Sa inyóng bagong lingkod,

PACÍFICO DIWANG-TUBIG.

Pangarap ng Makatà

(Karugtong.)

Dalawang araw ang nakalipas mulâ ng maginip si Makatà, at noo'y umaga.

Sa baybaying díat ng bayan ng M... ay dalawang binibini ang malayang nagliliwaliw, mahinay na mahinay ang kanilang lakad, at mandí'y mataimtim na simasagap nilá ang kawiliwiling simoy na inihahandog sa gayong kaúyayang sandali.

Ang kalawakan ng díat na kanilang natatanaw, ang malagaslás na simpok ng alón na halos makabísa sa kanilang mágá púa, at ang kalinisan ng buhangín kanilang niyayapakan ay labis nang makapawí ng kanilang kalungkutan kung mayroon man sakali. At kung maidaragdag pâ ditó ang masayang huni ng mágá ibong nagsasalimbayan sa kanilang tapat na wari'y ipinagtatalik ang kanilang paglilibang sa mágá lugál ba yaon, ay dapat na nágang masábi na sila'y mapapálad.

Si Lualhati at si Sinag-talà ang dalawang binibining iyan: kapwâ silá maganda, kapwâ sila may mágá nging kaákit-ákit at may mágá sulyap na mapanghalina; anopa't ang kanilang katangian ay malimit ding pangarapin ng maraming pusong ubaw at sabik sa ligaya ng búhay.

Patuloy ang banayad nilang lakad, at pamaña-maya'y nagsalítâ ang isa:

---Mahal kong kaibigan---ang pasubali ni Sinag-talà---nay ilang araw nang linilihí ko ang tayo'y magkásama sa ganitong lakad.

---At bakit? may-mahalaga ka bang sasabihin?

---Hindi naman gaano, nguni't makabuluhan bagay.

---Diyata, kaibigan? Kung gayo'y halina rito at tayo'y maupô.

Yumáo silang dahawa, at sa dí lubhang nalaayo roon ay nilapitan ang malaking ugáat na nakalimbutod sa lupa ng isang kahoy na patáy, at doo'y magalak silang nagsíupó.

---Ano ang sasabihin mo?---ang nákangítîng tanóng ni Lualhati ng sila'y nakaupo na.

---Hindi ka kayá maglihilim, kaibigan, sa aking uusain sa iyo?---ang may nging ring sagot.

---Sabiñ mo ná---ang masayang tugon naman ---at kung nalalaman ko'y maaasahan mo ang aking pagtatapat.

---Diyata?

---Tunay.

---Baka hindí?

---Umasa ka.

---Totoo...?

---Totoong totoo..!

Nagkátwanan pa mandin ang dalawang yaon sa gayong sagután nilá, bago muling nagpatuloy si Sinag-talà.

---Alam kong sa mulâ pa ay mahalaga sa iyo ang ating pagsasama, at hangang sa mágá sandaling ito'y umaasa rin akong hindi ka maglilingid sa akin ng ano man lamang, kayá

wala akong alinlangan ng pagusisa tungkol kay

---Kanino? ituloy mo---ang wari'y may pagkasabik na sagot ng kaharap.

---Kay.....at naudlot na namán ang salita, na tila nagaalanngang ibigkás ang kanyang nasasaloob,

Alám ni Sinag-talà, na si Lualhati ay isang tapat na kaibigan; nguni't hindi rin naman kailà sa kanya na hindí ang lahat ng dam-damin ng gangaya nilá ay nararapat na ihyag, kahit sa lalong iginagalang ng kanilang búhay.

Tunay ngâ, na ang di paglilihim ay bunág ng mabuting pagsasamahan, at yaon, higit kailan ma'y dapat na sanang maging saksi sa ikatutupad ng kanyang minimithí. Datapwa't bakit siya natigilan? Bakit hindi maihayag ang tunay na tibok ng kanyang pusô...? ¡Ah, sapagka't nalalaman niya ang halaga! Nalalaman niya ang kadakilaan, ang úri, ang kulay ng kanyang iniusig!

¿At sino si Sinag-talà kay Lualhati at gayon din si Lualhati kay Sinag-talà, na di paglilihiman, lubha pa't ibabatay sa ngalang pagibig? ¡Oh, ang pag-ibig! Ilan sa pangalan mo ang nakasapit sa lalong kakilakilabot na hangá!

Sino sino ang nangapariwarà dahil sa iyo! Ilan na ang paniniwalang nabigô, na ikaw rin ang sanhî!

¡Kay taas ng iyong kapangyarihan!

¡Kay laki ng iyong nasasakóp!

Kung minsâ'y nagiging saksi ka sa kaapihan ng isáng hindí dapat maapí, at kung minsan nama'y dahil din sa iyo kayâ may mágá pusong nakararating sa taluktók ng kaligayahan, at mulâ roo'y inaawit ang kanilang pagwawagi. ¡Kay taas ngâ at kay laki ng iyong nasasaklaw!... Anopa't sa madaling sabi, kung wala ka, kung wala ang pag-ibig, ay wala rin ang Sangkatauhan

Ihang sandali ang lumipas na walang umiimik sa dalawang binibini; si Sinag-talà ay patuloy sa pagaaalanngan kung kayâ hindi mabuká sa bibig ang nasang alamín, at si Lualhati nama'y lalong nasasabik sa pagmanasang matalastas kung sino yaong hindi masabisabi sa kanya, bagama't ng mágá sandaling yao'y isáng di karaniwang tibók ang nararamdamán sa kanyang puso.

Naalaala ang isáng maligayang *hapón*, sumagì sa kanyang gunitâ ang mapalad na sandali na kaunáunahan naghatid ng mahahalagang palaisipan sa kanyang bait, nalarawan sa kanyang mágá matí ang magandang tikas ng isáng bagong *Florante*, hangang sa nabasa sa sarili ang mágá pasáringan nilá ng mágá sandaling yaon: ---Hahamakin ko ang lahat kung ikaw ang sanhî!--ang malambing na sabi sa kanyá.

---Iya'y kabulaanan.

---Tapát ako sa iyo.

---Sa akin...? Hiwág! Balintunà!

---Nagaalanngan ka?

--- !

---Bakit di ka sumagot?

---Oh, Makatà, sukat na ang kasinunngāningā...!!

---Oh, Lualhati, dahil lamang sa iyo!

Ang māga huling salitang iyan ang gumigiyagis sa alaala ni Lualhati, sapagka't ang kanyang kaharap, ang kanyang kapanayam ngayon, ay siyang sinumpaan ni Makatà na kaylan ma'y hindi paglililuhan. Datapwa't gaano man kalaki ang māga tuligsāing naghahari sa kanyang pagkukurò, ay hindi nagpahalatā at masayáng sinabi:

---Sinag-talà, kaibigan ko, bakit hindi mo masabi kung sino yaon, nagaalaala ka ba?

---Hindi....ang banayad na tugon.

---Gayon palā'y bakit? Hala, sabihin mo na ---ang may pag-along salita ni Lualhati.

Buntong hinīngā lamang ang bilang naging sagot ni Sinag-talà, at wala nang nasabing ano man.

Nang māga sandaling yao'y napaiilanglāng halos ang kanyang diwà sa malawak na himpawid ng māga suliranin, maiitim na hinagap ang sumusurot sa alaála, pawang masusungít na gunitā ang halos makasunog sa kanyang kaluluwa at katauhan; ano pa nā'at ng māga oras na yao'y dalawang bagay na mahalagā ang halos magwindáng ng kanyang pusō:

---Oh, kung siya'y limutin ni Makata, kung siya'y paglihiman ni Lualhati.....!

Datapwa't, gaano man kalaki ang kanyang pagdaramdam noon, ay hindi rin lubos makapanai, palibhasa'y nauulinig pa mandin at nababasa sa kanyang pag-iisip ang matatamis na pangako ng kanyang irog ng huli nilang pagkakanii, warí'y nababakás pa ng kanyang māga tanaw sa maligayang bughaw ng Langit ang kaaya-ayang sikat ng buan noon, parang sa kanyang māga pandinig ay nakikisaliw pa ang māga salitang:

---Ginigiliw kong Sinag-talà, tanóng sa kandungan mo lamang malalagot ang aking hinīngā...!

At timutumbasán namán niya ng malambing na sagot:---Irog kong Makata, ikaw na ikaw lamang ang siyang magaari ng aking pag-ibig, búhay at kaluluwa.....! at pagkaraan ng gayong matatamis na paklihan, ay niña piping sumpā naman ng sinta ang siyang susaksí sa kanilang pagsisinayā.

---Kay palad ng umibig....!

---Kay ligaya ng ibigin....!

Anopa't ang gayong mahabalagang sanglā ng kanilang suyuán, ang di magpanibulos sa manūñi niyang guniguni na, "Ibig nang magkulimlim ang maligayang araw na kanyang hinuharap." Kaya nasabi sa sariling:—

---Hindi maglililo si Makatà sa aming pag-ibigan. Nguni't sa kabilà ng gayong panadig, ay kung bakit isinusrot mandin sa kanyang gunitā ang isáng katotohanang masaklap, na siyang pilit nagpapalungkot sa matapat niyang pag-asa; kaya't hindi kinukusa'y napabuntong hinīngā na namán.

---May dimaramdam ka ba?---ang di napigilang tanóng ni Lualhati ng siya'y makitang naglīhimutók.

---Wala, tayo na umuwi, tanghali na,—ang malungkot na sagot ni Sinag-talà, at sinabayyan ng tindig.

---At ang sasabihin mo?

---Sa iba ng araw.

---Ah! ayoko.

---Kailan ang iyong ibig?

---Ngayon na.

---Kung gayo'y halina at sasabihin ko sa iyo, sa ating paglakad,---at sabay kinawit ang kamay ni Lualhati, tunnidig namán ito, at yunão na sila.

Parang *medikmata* ang panahon sa kanilang paglakad ng māga sandaling yaon pagka't ni sinoma'y walà nang umimik, at para bagung nagkakaalam na sila ng māga masasaloób, at bagung sa sila'y nagkahiwalay ay hindi na naungklat ang natutungkol sa kanilang pinag-uusapan.

Bawa't isa'y tumahimik, si Sinag-talà ay sa pag-asang makikilala rin sa panahon ang tunay na kahulugan ng māga bagong hiwaga na namamasid sa kanyang giliw, at si Lualhati nama'y hindi mapagsiya ang totoong kulay at wagás na urí ng māga damdaming nitikha ng kasalukuyang māga araw, na mahinahong inihahandog sa kanyang *musa* at batang pagwawari, kaya't natira rin sa pag-asang balang araw ay ipakikilala rin ng māga pagkakataon ang tunay na kahulugan ng māga bagong tibók na nararamdam sa kanyang pusō.

Anopa't, ang dalawa nating binibini, ay kawpa noon may māga sandaling inaantay, upung ganáp na magpakilala sa talagaang kahethungan ng kanilang māga palad...

---Oh, hiwág ng pag-ibig.....!

TALIBUGSO.

(*Durugtuñgan*)

HIERÁTICA

En el rincón silente de un templo, ensimismada Yacía, triste y sola, un alma en oración, Que al ocultar al mundo su linda faz velada. Parecía ofrendarlo a Dios el corazón.

Todo negro en su ueste, la mística enlutada, No obstante fulguraba en la augusta mansión; Y en sus mirares lánguidos de vírgen olvidada, Brillaban los vestigios de una intensa pasión.

Hija de la ternura y del dolor, quién sabe Si aquella alma, en la aurora de su vida latente, De crueles fatalismos ha apurado el brevaje...

Porque en su rostro angélico tan dulcemente grave. Vi un algo que recuerda la luz de un sol muriante, Algo como el desmayo tropical de un paisaje!

PARIS.

Eleuterio Rodriguez

ABOGADO

Parañaque, Rizal, I. F.

TUNGKOL SA PAGAWAAN NG SARDINAS

Natunghayan ko ang mungkahì ni *K. Sariwaan* sa mìga taga Malabon at Nabutas, na lumabas sa Blg. 10 nìg pamahayagang itò, tungkol sa pagtatatág nìg isang Samahan nìg Págawaan nìg Sardinas.

Nápakahalagang mungkahì, hindi lamang sa mìga taga Malabon at Nabutas, kung di rin namán sa boong bayang Pilipino.

Sukat na ang mìga nailulat ni *K. Sariwaan*, upang ipagkaroon nìg mainam na hangarin at nìg ikapagtamo nìg lalóng kailangan sa ating pamumuhay at kalagayan. Sa madaling sabi ay sapát na makilala nìg mìga tinatawagan ang pilit na mapapakinabang nìg bawa't isa sa gitna nìg ating panglulupaypay sa kabuhayan.

Nìguni't yamang isaa ako sa nagtatalik sa pagbuhay nìg ating kalakal, at isa ako sa nagsiskhay upang ang mungkahi ni *K. Sariwaan* ay huwag maunsiami sa tangkay nìg pagwawalang kibò na gaya na nìgā nìg nangyayari na ni isa ma'y walang tunitinag, at tila ang gani-tong mahalagáng bagay na pagmuñmulán nìg libo libong' piso at ikatitighaw nìg ating pagkaapí sa pangangálakal sa harap nìg mìga timawàng dayuhan ay isa lamang panggarap, kaya't isa rin namán ako sa tutulong sa pagantig nìg kanilang damdamin, at kung maaari lamang at kaya ko pa, ay isa ako sa mìga sasama sa la-kadl, upang ang kaliitan ko ay makatulong man lamang kahi't bahagya.

Sukat na ang pagaalinlangan; iyang pagaalinlangan balót nìg malí at balabalaking palagay, upang maitampok natin sa tugatog nìg pagkada-kila ang isang pangangailangan sa buhay. Ang bayang sagana at maiimpok sa pangangálakal ay bayang bihasa at malakás sa sangsinukob. Nandíyan ang bantóg na Amérika at Inglaterra, ulirán nìg aking sinabi. Pag ang bayan ay wala ng sariling kabuhayan, ay mahinà, at karaniwang pinagdudlunungan nìg mìga tagu-ibang lupa, upang samantalahan nìg kanilang kasakimán ang pagtutulugtulugan niyyá.

Ang bayang pabaya sa kanyang kakayahán, ay api-apihan at kaylan ma'y hindi magkakaroon nìg mabuting kapalaran. Kaya't yamang di hingil ito sa mìga kababayan kong taga Nabutas at Malabon, lalopg lalo sa mìga may palakayang Batíng na mìga kanayon ko, ay unaasa naman ako sa maagap nilang pagkilos, sapagkat alalahinan ninyo ang isang matandang kawikaan na anya'y: nasa agap ang kaligtasan.

Ang mìga mámamalakayá nìgā ang una kong pinaguukulan nìg aking pagkatig sa mungkahi ni *K. Sariwaan*, sapagkat nakilala kong malaking kapakinabangán sa kanila.

Tunay, at sa akala ko'y hindi lamang sa pangangailangan dito sa Pilipinas nìg isang gan-ganyang pagawaan; ni hindi sa pakikiagaw-buhay sa mìga taga ibang lupain ó kaya'y sa tuwí nang pagpapasásá nìg mìga may umbuuyang intsik kung dumaráting ang pagkakatusák nìg isdà na siyang nakasasakmál nìg gayong kamu-

rahan, na gaya nìg naipaliwanag na ni *K. Sariwaan* sa kanyang lathalà—kung di rin namán sa pagbúhay sa mìga palakaya, na siyang búhay rin namán nìg may ari at nananamahan.

•Bakit?—sapagkat hindí maaaksaya ang karamihang isdà, hindi mamumura ang bilihán, gayon din ang mìga tindáng bayan ay magiging agaran, bagay itong ikasusulong nìg pan-gangálakal sa isdà sa ano mang paraan, at sa ganito'y maiiwasan ang pagbarata nìg mìga insik sa mìga kaawaawang mamainalakaya.

Nìguni, sa anong paraan ang pagtatatág nìg Samahan nìg pagpapagwâ nìg *Sardinas*? márító ang hirap—oo, mahirap, pagkat aywan at baka di ko lamang natatalos—walâ pa akong naki-kilang pilipino na marunong nìg gawaing itò. Ito ang dahilán nìg pagaalinlangan nìg mìga ná-kausap ko nang mìga may palakaya dito sa amin, dahilan kung iisipin nìgā namán ay may katotohanan.

Palibhasa'y udoyok nìg aking budhí na ang mungkahing ito ay huwag masayang hangga't maaari, kaya't dahil dito'y nanáanalig ako sa kaadhikang *K. Sariwaan*, na magbibigay siyá nìg lalong linaw, ó sa papaanong paraan matataguyod ang nabanggit na Samahán.

MIGUEL ANTONIO.

Tanğos, Nabutas.

Ika 30 ng Hulyo

Kay Remedios Rodriguez.

Ang bawa't pagaspas nìg mìga halaman, ang bawa't pag-awit nìg ibon sa parang, ay nauúnawang may galák na taglay at nanğag dudulot

sa pagsapit nitong iyong kaarawan.

Ang araw na ito'y aariing Langít, lugod at luwalhatí sa tuwíng sasapit, at iyan marahil ang siyang bibihis

sa nagdaralita't nabibiliran nìg isang pag-ibig.

Líwanag nìg buwan, kinang nìg bitwing pananglaw sa gabi't lunas sa damdamin, warí'y nagbabahadâ nìg di ko malining na mìga ligaya

sa may dusang dibdib nìg isang pag-giliw.

Ganyan ang lagay ko, kaya't naghalauudog sa mìga yapak mo nìg isang pag-irog sanbí sa pagsilang nìg iyong alindog na siyang pumukaw at nagbigay aliw sa pusò ko't loob.

Kaya tangapin mo ang nakayang alay nitong kahit dukha'y wagas na magmahal, at lumawig nawa ang ingat mong buhay sa lubhang payapa

na aking tagurí magpakaylan man.

PANUOB.

Malabón, Rizal.

Paalaala at mungkahi

Handog sa kapisanang "Bagong Sinag" sa Sampiro, Rizal.

Walang nag-uudyok, pagka't di naman gawî ang umupat sa damdamin ng may damdamin, lalong lalo na sa mëga iginagalang kong mëga manghahalal sa bayan ng S. Pedro Makati at sa kapisanang pinaghahandlugan nitong munting kasaysayan, kundi bagkus, ipinadadumpi sa kaniknila ang naglaflatang kong pusô sa pag-ibig na makitang ang bayang ito'y maging ulirán ng kapwa bayan.

Sanhî dito'y pahát man sa katalinuhan at salát man sa kabuhayang gaya ng inyong pag-kaalam muláng imaging batâ, itong natitiwaliq ninyong kababayan, ngnî't nakikihainok kundi man sa pamamagitan ng patalim kahit sa pulpol na panitik, sa hangad na matampók ang bayang kinágisnan sa harap ng kapwa bayan, at Bansá sa kapwa Bansá.

Saksí ang di kakaunting kasaysayang pinamuhunanan ng sikap, sa láot ng mabahangis at ulupóng na mëga kaaway ng karançalan ng bayang Sampiro, na di nanghinuha munti man, nançiml, natakot, sa kanino mang pantás, mayaman, kamag-anak, kaibigan ô kababayan kahit sa lihim at háyagan, kaylan ma't maki-kitaan ng nasang gahisin ang taglay na karançalan ng náulit na bayan, ang mëga anak niyang marunong magmahal, agad pinag-nukulan ng abot na kaya, upang makapanumbalik sa malinis na landás na kanyang tatalikuran ô tinalikurán na, at ng ang kanyang hidwang paghahakâ sakali man, ang hidwang pagtagatagyod ng hawak na tungkol, ang hidwang pagpapasunod sa bayan, ang hidwang pagpapaya-mang sa mahirap kukunin, ay maalaalang lipulin sa isip yayamang ang tungo ng ating mëga damdamin ay sa madaling pagsasarilí.

Di ko na maikakait sa aking mëga irog na kababayan na samantala ng nabatid na nilá ang imbót niring pusô, at sapagka't nátlalapít na ang hálalan na talagang paghahalili ng mëga Pumong Bayan at iba pa, dahil dito'y ina-anyayahan ko ang inyong mëga kalooban mag-mulâ sa ngnayon, na papagindapating busugin ang taglay ninyong pagmamasid sa mëga taong pipiliing magiging Punong Bayan, di lamang sa taglay na kasapatán ayon sa aking pagkakaabot, kundi mapançánçabayán pa sa pag-adý sa mataas nu kadakilaan ng ating minamahal na bayán sampú ng mëga mánamayam.

Di sa paungungunang bait, náriyan ang mëga GG. Celestino Chaves, Francisco Quintos at Marejano S. Mateo, pawang makababayan at matatalik sa pag-uusig ng ikadadakila ng kanilang bayan, na di kailâ sa inyó. Handugán ngná silá at marahil kun sa ganitong layunín ang ipagaanyaya sa kanilâ'y may pagasa akóng di nilá ipagkakait ang puspos niláng kakayahán sa ganitong mëga tungkulín.

Malaou nang panahong uhaw tayo sa pagkita ng makapagpapasunod ng madlang kagalingan at makahahangô sa tinatawid nating kasalatán, ngnî't sa mëga ginoong násabi ko ná sa itaas nito'y sakali ay makapit na masumpungan natin ang batis ng kaginhawahan. Aking pinaaabot, tuloy nangunçuna na sa marami kong mëga kababayang tagá Sampiro, at paglulóg sa mëga ginoong itó, at nagmumungkahing alangalang sa kapurihan ng ginigiliw nating bayan, sino man sa inyó't pagkaisahan ng marami ay sumunod na ó kaya'y kusà nang ipakilala ng háyagan, upang ang nagkukuliling mëga kalooban ng mëga manghahalal ay huwag nang mabilmit ng mëga kapós na kaya sa katungkulán.

ISANG HAMAK.

Pulo 26 Julio, 1909.

Sa kaarawan mo

Nñayón pa ay hinahandungan ko na ang mahal kong kakikila na si Bb. Esperanza Gozon, ng isang muligayang batâ, sanhî sa kaarawan ng kanyang pagsilang dito sa sangmaliwanag, na iya'y ang unang araw ng Agosto.

JOTA SA BUNDOK.

Mëga butó ng sili

---Kulás, sagutín mo ngná akó: anó ba ang "política?"

---Ang paglinláng ng táo sa kapwâ táo, ó ng bayan sa kapwâ bayan.

---Hindî, hombre, hindî. Ang "política'y" ang paghahaplás ng langis ng "Conanto" sa kukote't balugbög ng mëga elektor. Tatandaán mo, hané? At anó ang "política" sa wikang tagalog?

---Kanín pô...

---Marahan, Kulás.

---Ah, pískaro, saán mo dinalá ang kuwarta?

---E ipinagpagawâ ko pô niré...

---Ou, diyata't sa kaunting bagay na iya'y naubos mo ná ang kuwartang bigay ko? Mag-sabi ka ng totoo: saán mo dinalá?

---Sumagot ka. Saan neroon?

---Ayaw mo bang sabihin?... Dumapâ ka!

---Sasabihin ko na po. Nakatagô po rini sa bútas ng kawayan.

---Ahá! mabuting batâ, marunong magsimpán sa pamumuhat!

*

---Egong, halika ngná. Sino ba sa mëga talang iyan ang nagugustuhan mo?

---Si... si... aleng Ploserpida pô.

---Ehé! diyata't napupusulan mo si Ploserpida?

---Talagá po, at elo't nagpapatubô ako ng bigote, bumilí ako ng salamín, nagpagawa ná ng |

marikit na larawang sadyáng ireregalo ko sa kanyá, nagpatabas nḡ damit na pamustura...

---Ohó? E ang ulo mo, sinukat mo na ba?

---Bakit po?

---Pagká't ang tuktók mo'y may pagkatalapyâ. Patingín ka kayâ muna kay Dr. Octavio.

---Bakit po?

---Abá! Sapagka't hindî ka maiibig ni Ploserpida kung ganyan.

---Bákít po?

---Ah! Sapagka't may úkit ang bumbuan mo...

*

Si Adán ay han̄ós na han̄ós na dumating sa bahay. Pagkákita sa kabyák nḡ dibdib ay nagwikâ:

---Eba ko, mainam na balità. Nálalaman mo ba ang sabi nḡ aking inga panginoon?

---Ano iyon, aking Adán?

---Na... ako raw ay umurong ná dito at doon naman sumulong; kaya't uurong na ako't bago susulong pagkatapos.

---Ehe? Ikaw n̄ga pala'y isip lamók lamang. Diyata't bibitiwan mo itong, bukod sa may inaasahan kang muling paghohonorabile ay sa-sahod pa sa boong limang huang singkad, nḡ walañg katigatigatig! Magtigil ka n̄ga niyang kaululán mo.

---Eba ko, lalong honorable, doble honorable ang aking tinutun̄go: Honorabilísimo don Adan.

—Ke doble ni ke nun̄o mong nabulók; nápakáhangál mo. Hindi mo ba naiisip na binibilog lamang ang ulo mo nḡ inga lelong mong iyan? Ikaw n̄g ikaw ang ipinapain nila sa lahat nḡ kuskós balun̄ós, at kung kinukulugán ka naima'y walâ silang magawâ. Iiwan mo ang iyong pagkahonorabile at ang tatlong daang piso buan buan, at kung matalo ka? maibibigay ba nila ang sueldo mo hangang Disyembre?

---Eba ko, hindi mo naiintindihán. Itó'y gagawin ko dahilan sa m̄ga razones de alta política. Hindi mo naiintindihán; siya ka ná.

---Kung gayon pala'y susunod ka n̄gâ, magbibitiw ka ngâ? At ang m̄ga tarhetang naipakalat mo na, di babaguhin na naman? Lukó-lukó n̄gâ palá itong asawa ko...

—Anó, ano ang wika mo?.... Plís plás búg bóg pím pong taralán taralín, taralán taralón, kay Eba'y naglambíng nḡ lambing linggatong si Adán kutintíng balitang tuparrón.

TIO JUAN.

M̄ga hatol na mahahalaga:

Paggili n̄g m̄ga lamán

Ang lamán n̄g bákang batâ ay masinsin, makinis at bukás ang m̄ga kilábot, at ang kulay ay mapuláng matingkád. Ang kulay n̄g tabâ ay malamáng ang hilig sa putí kay sa dilaw.

Ang m̄ga lamáng nan̄gingítim ay bihirâng mabuti.

Ang kilabot n̄g lamán n̄g baka ay masinsin kay sa kilabot n̄g lamán n̄g toro, at ang tabâ niyón ay maputí kay sa tabâ nito. Ang payát na lamán sa baka ay di napakapuláng gaya n̄g dito sa hulí.

Pagbilí n̄g lamán n̄g tupa'y dapat masdang mabuti ang m̄ga ugat sa líig: ang m̄ga itó'y mabugháwbugháw kung ang lamán ay bago pa n̄guní't kung laón na, ay kulay verde ó kaya'y madiláwdiláw.

Ang dun̄gis n̄g pagkasunog.

Kung nasusunog ang damit sa pagpiprinsa ay nagkakaroón nḡ dun̄gis na mapulang madi-lawdilaw; itó'y naaalis sa pamamagitan n̄g parang sumusunod:

Magtalop n̄g dalawang sibuyas, gayatin at saka pigaiing mabuti ang katás. Ang katás na makukuha'y haluán n̄g isang onzang (30 gramo) sabóng putí, dalawang onza nḡ tinatawag na "galactita," at m̄ga 180 gramong sukâ, bago pakuluin. Paglamic, ay ihantád na mabuti sa aráw ang lugal n̄g damit na may dun̄gis bago pahiran nḡ pinaghaholaholong iyon: Pagkaturýo ay labhán sa tubig at pakuluán, at mapapawi ang dun̄gis.

"MARIKIT - NA"

Malaking gawaan at tindahan ng m̄ga sari-saring hugis na sapatos
na pawang yaring pilipino.

Nagbibili n̄g mura, lubha pa kung docena.

San Sebastian. Blg. 23, Kiyapo, Maynila.

Sombrereria ni Gerardo H. Vicente

Tindahan n̄g sari-saring sambalilo, zapatos, corbatas, puños, barong-lalaki, atb.
Halagang walang kasingmura sa boong Sangkapuluan.

50-CARRIEDO-50

Antonio J. Oliveros

DENTISTA

CALLE CARRIEDO, No. 82,

Altos del almacén MADRILEÑA.

TELÉFONO No. 1302

El Adelanto del Siglo

Gawaan at tindahan n̄g sapatos.

Mga tagalog ang yumayari.

MAINAM, MATIBAY AT MURA.

Daang Crespo, Blg. 109, Kiyapo, Maynila.

SOMBRERERIA

DE

M. E. EVANGELISTA

100 y 102 Carriedo, Quiapo I. F.

Surrido de sombrero kalasiaw, baliwag y
buntal, fieltro, lana y paja.

Blanquea y tiñe.

ZAPATERIA Y TALABARTERIA

ni VALERIANO CASTILLO

Sari-saring hugis n̄g sapatos at guarnisyong
iba't ibang klase ang dito'y matatagpuan sa
murang halagá. Pagsadyain at n̄g paniwalaan.
CRESPO 107, KIYAPO, MAYNILA.

SOMBRERERIA "SILAÑGANAN"

113—CARRIEDO—113

Nagbibili at naghuhulma n̄g kahit anong sambalilo lalo na't yaring pilipino, gaya n̄g Buntal, Sabutan, Baliwag, Buli, at ibp.

MURA, MADALI AT MARIKIT

Pagsadyain at nang maniwala.

Kabinataan, ibig ninyó n̄g mga sambalilong busilak sa puti,
pahang nakalulogod?

Nangangailangan kayó n̄g sambalilong mapanghalina?
Tunghin ang

SOMBRERERIA

NI

REYNALDO P. REYES

Daang Crespo 110—112 Kyapo.

At dooy masusumpongan ninyó ang lahat n̄g itó na pawang
mura, matibay at maayos ang pagkakagawa.

Eduardo Gonzales

ABOGADO

Y NOTARIO PUBLICO

Concepcion, Malabon, RIZAL. Paz, No. 433, Sta. Cruz
Manila, I. F.

S. APACIBLE

ABOGADO

Pasig, Rizal, I. F.

Ramón Diokno

ABOGADO

Calle Salinas, No. 291, Manila, I. F.

Roman Navarra

NOTARIO PUBLICO

San Agustin, Malabón, Rizal.

Rosa

RESTAURANT

n̄g bayang pilipino.

115—117 Carriedo, Manila,

Martin Lontok

Yumayari sa madaling panahon n̄g mga gawain sa
bakal at umaayos n̄g mga baril, mákinang panulat
mga bisicleta at iba pang mga gawâng kauri nito.
Daang Crespo, Blg. 114, Kiyapo.

Nangangailangan kayó n̄g maiinam na pa-
banô at gamot na mabibisa?

Parunán ninyo ang

Botika ni F. CONCEPCION

Sa Pasig, Rizal, at kayo'y masisiyahan.

¡¡Kahanjáhanjá, Kalugódlugod!!

Isang balitang napakamahalaga sa kapuluán. ¿Mahulaan kaya niyo?

Kung hindíy magsadya kayo ngayon din sa daáng Húlo bilang 308, 310 at 312 at doon ninyo makikita ang bantog, ang laganap at napakasarap na tabako't sigarilyo na pinamagatang:

"KATÚBUSAN"

"KATÚBUSAN" ÑG PUHUNANG GANAP NA
ÑG MANGAGAWANG GANAP NA **PILIPINO.**

Pagsadyain at subukin ng maniwala.

BINUNDOK, MAYNILA.

La FUNERARIA PAZ

NI P. DEL ROSARIO
Binuksan noon pang 1900

Nasa daáng Paz blg. 513-515, Sta. Cruz, Maynila-Telefono blg. 1256.

Bagong lahat ang mga karro. Ang mga ataul ay nagdidikit, mayroong yari sa America, at may yari dito sa atin. Pili ang mga kanoy na ginagamit.

Sa mga kaianandas; ang maibigang bala na. Tumatanggap ng libing kahit sa mga lawigán.

Sa mga karro ay nagsisiling ng kabayong Australia o kabayo rito sa atin, ayon sa pagkasunduan.

Lahat ng palamutin ibigin ay mayroon.

Murang suminigl kay sa ibang Funeraria.

Ang mga halaga rito ay parang upa lamang sa kasangkapang ginagamit dahil sa kamurahan. Huwag kayong magkamali.

Daang Paz 513 at 515, Sta. Cruz, Maynila.

José P. de Tagle

TELEFONO 1425.

Dirección Telegráfica: TAGLE—MANILA.

Gosages Soap,

Harina: Victory,

Leon, Gallo é

Imperial, etc., etc.

Maquina para zapatos

m/. HILDEBRANDT.

Cromos A nunciadores de Alemania.

ALMACEN DE COMESTIBLES

Blanco, No. 16

QUIAPO

TALLER DE TALABARTERI

Dasmariñas, 84

BINONDO

LA PAZ Y BUEN VIAJE

FABRICA DE CIGARROS, CIGARRILLOS Y PICADURA.

Premiada con medalla de oro en la Exposición de S. Luis.

FUNDADA DESDE EL AÑO 1883

Calle Asuncion núm. 111, San Nicolas

Productos selectos y renombrados; empleando solamente en su elaboración

HOJAS ESCOGIDAS de las mejores Vegas de ISABELA y CAGAYAN

PROBAD Y OS CONVENCEREIS.

MAQUINAS PARA COSER — MAKINA SA PANANAH
 MAQUINAS PARA BORDAR — MAKINA BURURDA
 Pagos Semanales — LINGGUHAN
 DESCUENTO — ANG BAYAD
 POR PAGO AL CONTADO — SA BIGLANC
 33 ESCOLTA: MANILA. BAYARA'Y MAY BAWAS.

"GERMINAL"
 GRAN FABRICA DE
TABACOS Y CIGARRILLOS
 Marques de Comillas, No. 4, Manila.

*Elaboración Especial con Tabacos
 escogidos y enviados.*

Premiada en todas partes.